Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



KAUTUSANG BAYAN BLG. LX-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

APPROVED:
RESOLUTION No. 370, 1. 1989
PROVINCIAL BOARD
Hulyo 26, 1989

ANG KAUTUSANG BAYAN na nagtitibay ng paglaaan ng halagang LIMANG LIBONG PISO (₱5,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa taunang Bisikleta sa Pista.

Ang Kautusang bayang ito ay magkakabisa sa lalong madaling panahon upang magamit ang nabanggit na halaga bago o sa Ika-15 ng Agosto, 1988.

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem na maaaring iliwat sa Taunang Palaan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan
Nanunungkulang Punumbayan

**********************

Binasa naman ni Kag. Dungao ang liham ng kalihim Pambayan na nagsasaad ng paghiling ng palaan para sa mga kawaning nakatalaga sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan na tumutupad sa tungkulin ng lampas sa walong oras na itinatadhana ng batas dahilan sa pagdalo nila sa mga Di-Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan na nakatakda tuwing Ika-7 ng gabi sa anumang araw na itakda ng kapulungan, kaya't ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXI-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Dungao na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

APPROVED:
RESOLUTION No. 370, 1. 1989
PROVINCIAL BOARD
Hulyo 26, 1989

ANG KAUTUSANG BAYAN na nagtitibay ng paglalaan ng halagang ANIM NA RAAN TAT-LUMPU'T ANIM NA PISO (₱636.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa "overtime pay" ng tatlong kawaning nakatalaga sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan na tumutungkol sa ga waing lampas sa walong oras na itinatadhana ng batas.

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem sa Taunang Palaan na maaaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan
Nanunungkulang Punumbayan

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PZUON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad